Employment Standards Branch

FACTSHEET

Ang factsheet na ito ay inihanda para magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento. Mangyaring tingnan ang Employment Standards Act and Regulation para sa mga layunin ng pagpapakahulugan at pagpapairal ng batas.

July 2016

Live-in Home Support Workers

Ayon sa Employment Standards Act, sa ilalim ng ilang mga sitwasyon, ang mga taong mayroong sakit sa katawan o kaisipan o kaya kapansanan ay maaaring mag-empleyo ng live-in home support workers sa arawan na suweldo. Upang maklasipika ang empleyado bilang live-in home support worker, dapat mayroong pagpopondo ang gobyerno.

Kahulugan

Ipinakahulugan sa Employment Standards Regulation ang isang live-in home support worker bilang isang tao na

- empleyado ng isang ahensiya, negosyo o iba pangtagapag-empleyo na nagbibigay – sa pamamagitan ng programa na pinopondohan ng gobyerno– ng home support na serbisyo

para sa sinumang mayroong malalâ o pangmatagalang sakit o kapansanan na hindi nangangailangan ng pagpasok sa ospital, at

- nagbibigay ng mga gayong serbisyo 24 na oras bilang live-in, nang hindi sinisingil para sa kuwarto at pangangasera.

Ang isang live-in home support worker ay hindi katulad ng isang katulong o domestic, na live-in na empleyado sa isang pribadong tahanan upang magluto, maglinis o mag-alaga ng bata, ng isang tagapag-empleyo na hindi tumatanggap ng pondo sa gobyerno.

Minimum na suweldo

Ang minimum na suweldo para sa live-in home support worker ay arawan na suweldo na:
Setyembre 15, 2105 - $104.50 bawat araw; at
Setyembre 15, 2016 - $108.50 bawat araw.

Oras ng trabaho at overtime

Ang isang live-in home support worker ay hindi kasama sa mga oras ng trabaho at mga probisyon sa overtime ng Employment Standards Act.
Umaaplay ang arawan na suweldo sa lahat ng mga oras na trinabaho sa alinmang araw na isinagawa ang trabaho, kahit na mas marami o mas kaunti ito sa walong oras sa isang araw ng trabaho.

"Programa na pinopondohan ng Gobyerno"

Upang maisaalang-alang na isang "programa na pinopondohan ng gobyerno", ang pagpopondo para sa pangangalaga sa tao ay dapat pangunahing nagmumula sa gobyerno at dapat ispesipikong inilalaan para kumuha ng home support na serbisyo. Ang pera na karapat-dapat na matanggap ng tao, saan man ito gagamitin, ay hindi isinasaalang-alang na pondo ng gobyerno para sa mga layunin ng regulasyong ito.

...itutuloy

"Grabe o pangmatagalang sakit o kapansanan"

Ang isang grabe o pangmatagalang sakit o kapansanan ay maaaring anumang kondisyon na nagpapawalan ng pangkatawan o pangkaisipang kakayahan sa isang tao.

"Live-in"

Ang live-in home support workers ay naninirahan sa tahanan ng tao na binibigyan nila ng suporta habang sila ay nasa shift. Habang nasa tahanan, walang bayad para sa kuwarto at pangangasera.